# Hindi Kandila Ang Pakikibaka

**Marvin M. Lobos**
Polytechnic University of the Philippines, Manila
marvinisslayer@gmail.com

Hindi kandila ang pakikibaka
kandilang sisindihan lamang
kapag kailangan
at iiwang nakatirik
sa bumbunan ng mesa
o sa masurot at lumalangitngit na sahig.

Hindi kandila ang pakikibaka
may apoy man at liwanag
tuwing dilim ay kakagat.

Apoy ng kandila'y madaling
mapadala't mapaindak
sa musika ng hangin
at kapag napagod na
siguradong iiyak nang iiyak
malalaking butil ng luha
tutulo't papatak.

Hindi kandila ang pakikibaka
na sisindihan lamang
kung ang gabi'y kumagat na
sa barongbarong ng dusa!

Araw ang pakikibaka
bituing nagniningning kahit umaga
sa mga mapanlinlang na lunsod
at mapang-aliping asyenda
liwanag nito'y nagbibigay-init
sa mga katawang nilalamig
init nito'y nagbibigay lakas
sa mga sumisiklab pang pag-aaklas!

Araw-araw may araw
araw-araw, may pakikibaka
kahit pa gabi'y malalim kumagat
alam nating pakikibaka'y sisikat at sisikat!

**Tungkol sa May-Akda:**

**MARVIN M. LOBOS**
Kasalukuyang nagtuturo ng Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. *Convener* din siya ng Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino o Tanggol Wika. Bukod sa pagtuturo ay patuloy ring naghahasa ng panulat.